

## PAHAYAG NG IMPORMASYONG UKOL SA BAKUNA

# Bakuna para sa Hepatitis B

## Ano ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis).

Maraming Pahayag ng Impormasyong ukol sa Bakuna ang makukuha sa wikang Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan sa [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis).

### 1 Ano ang hepatitis B?

Ano ang hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay isang malubhang impeksyon na nakakaapekto sa atay. Ito ay dulot ng virus ng hepatitis B.

- Noong 2009, humigit-kumulang 38,000 katao ang na-impeksyon sa hepatitis B.
- Bawat taon, mga 2,000 hanggang 4,000 katao ang namamatay sa Estados Unidos dahil sa cirrhosis o kanser sa atay na dulot ng hepatitis B.

Ang hepatitis B ay makapagdudulot ng:

**Malubhang (maikling-termino) sakit.** Maaaring humantong ito sa:

- pagkawala ng gana sa pagkain
- pagtatae at pagsusuka
- pagkapagal
- jaundice (naninilaw na balat o mga mata)
- panananakit ng mga kalamnan, kasu-kasuan, at tiyan

Ang malubhang sakit, na may mga sintomas, ay mas karaniwan sa mga nasa hustong gulang. Ang mga batang na-impeksyon ay karaniwang walang mga sintomas.

**Malalang (pangmatagalan) impeksyon.** Ang ilang mga tao ay magpapatuloy sa pagkakaroon ng malalang impeksyon ng hepatitis B. Ang karamihan sa kanila ay walang mga sintomas, ngunit ang impeksyon ay napakalubha pa rin, at maaaring humantong sa:

- pinsala sa atay (cirrhosis)
- kanser sa atay
- kamatayan

Ang malalang impeksyon ay mas karaniwan sa mga sanggol at mga bata kaysa mga nasa hustong gulang. Ang mga taong malalang na-impeksyon ay makapagpapakalat ng virus ng hepatitis B sa iba, kahit na sila ay wala sa hitsura na maysakit o nakakaramdam ng sakit. Hanggang 1.4 milyong tao sa Estados Unidos ang maaaring mayroong malalang impeksyon ng hepatitis B.

Ang virus ng hepatitis B ay madaling kumakalat sa pamamagitan ng kontak sa dugo o iba pang likido ng katawan ng isang na-impeksyong tao. Ang mga tao ay maaari ring ma-impeksyon sa pamamagitan ng kontak sa isang kontaminadong bagay, kung saan ang virus ay maaaring manirahan nang hanggang 7 araw.

- Ang sanggol na ang ina ay na-impeksyon ay maaaring ma-impeksyon pagkasilang;
- Ang mga bata, ang mga nagdadalaga at nagbibinata, at ang mga nasa hustong gulang ay maaaring ma-impeksyon sa pamamagitan ng:
  - kontak sa dugo at likido ng katawan sa pamamagitan ng mga bitak sa balat tulad ng mga kagat, hiwa, o sugat;
  - kontak sa mga bagay na may dugo o likido ng katawan sa mga ito tulad ng mga sipilyo, labaha, o mga kasangkapan sa pagmo-monitor at paggagamot ng diabetes;
  - pakikipagtalik ng walang proteksyon sa isang na-impeksyong tao;
  - halinhinang paggamit ng mga karayom kapag nagtuturok ng mga gamot;
  - pagkakatusok sa isang nagamit nang karayom.

### 2 Bakuna sa hepatitis B: Bakit magpapabakuna?

Ang bakuna sa hepatitis B ay makakapigil sa hepatitis B, at sa seryosong mga maaaring kahinatnan ng impeksyon ng hepatitis B, kabilang ang kanser sa atay at cirrhosis.

Ang bakuna sa hepatitis B ay maaaring ibigay ng ito lamang o sa kasabay sa parehong turok ng ibang mga bakuna.

Ang nakasanayang pamamaraan na pagbabakuna sa hepatitis B ay inirerekomenda sa ilang mga nasa hustong gulang at mga bata sa Estados Unidos simula noong 1982, at sa lahat ng mga bata noong 1991. Simula 1990, ang bagong impeksyon ng hepatitis B sa mga bata at sa mga nagdadalaga at nagbibinata ay bumaba ng higit sa 95% – at sa 75% sa ibang mga pangkat ng edad.

Ang pagbabakuna ay nagbibigay ng pangmatagalang proteksyon mula sa impeksyon ng hepatitis B, posibleng pang-habang buhay.

### 3 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna sa hepatitis B at kailan?

**Mga bata at Mga Nagdadalaga at Nagbibinata**

- Ang mga sanggol ay karaniwang tatanggap ng 3 dosis ng bakuna sa hepatitis B:

Unang dosis:	Pagkasilang
Pangalawang Dosis:	1-2 buwan ang edad
Ikatlong Dosis:	6-18 buwan ang edad

Ang ilang mga sanggol ay maaaring tumanggap ng 4 na dosis, halimbawa, kung gagamitin ang kombinasyon ng bakuna na naglalaman ng hepatitis B. (Ang iisang turok na ito ay naglalaman ng ilang mga bakuna). Ang sobrang dosis ay hindi nakasama.

- Ang sinuman hanggang 18 taong gulang na hindi tumanggap ng bakuna nang sila ay mas bata pa ay dapat mabakunahan.

**Mga Nasa Hustong Gulang**

- Lahat ng mga hindi nabakunahang nasa hustong gulang na nasa panganib ng impeksyon ng hepatitis B ay dapat mabakunahan. Kabilang dito ang:
  - mga katalik ng mga taong na-impeksyon ng hepatitis B,
  - mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa mga lalaki,
  - mga taong nagtuturok ng mga bawal na gamot,
  - mga taong may higit sa iisang katalik,
  - mga taong may malubhang sakit sa atay o bato,
  - mga taong mababa sa 60 taong gulang na may diabetes,
  - mga taong may mga trabaho na naglalandad sa kanila sa dugo ng tao o iba pang mga likido ng katawan,
  - kontak ng mga tao sa sambahayan na na-impeksyon ng hepatitis B,
  - mga residente at kawani sa mga institusyon para sa mga taong may kapansanan sa katawan o pag-iisip,



- mga pasyente ng dialysis sa bato,
  - mga taong nagbibiyaha sa mga bansa kung saan karaniwan ang hepatitis B,
  - mga taong may impeksyon ng HIV.
- Ang ibang mga tao ay maaaring hikayatin ng kanilang doktor na tumanggap ng bakuna sa hepatitis B; halimbawa, mga nasa hustong gulang na edad 60 at mas matanda pa na may diabetes. Sinuman na gustong maprotektahan mula sa impeksyon ng hepatitis B ay maaaring tumanggap ng bakuna.
  - Ang mga babeng buntis na nasa peligro para sa isa sa mga dahilan na nabanggit sa itaas ay dapat mabakunahan. Ang ibang mga babaeng buntis na gusto ng proteksyon ay maaaring mabakunahan.

Ang mga nasa hustong gulang na tatanggap ng bakuna sa hepatitis B ay dapat tumanggap ng 3 dosis — na ang pangalawang dosis ay ibibigay 4 na linggo pagkatapos ng nauna at ang pangatlong dosis ay 5 buwan pagkatapos ng pangalawa. Maaaring sabihin sa inyo ng inyong doktor ang tungkol sa iba pang iskedul ng pagbibigay ng bakuna na maaaring magamit sa iilang mga sitwasyon.

#### 4 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna sa hepatitis B?

- Ang sinuman na may nakapagbabanta ng buhay na alerhiya sa lebadura (yeast), o sa alinmang iba pang sangkap ng bakuna ay hindi dapat tumanggap ng bakuna sa hepatitis B. Sabihin sa inyong doktor kung kayo ay may anumang malubhang mga alerhiya.
- Ang sinuman na nagkaroon ng nakapagbabanta ng buhay na reaksiyon sa alerhiya sa isang nakaraang dosis ng bakuna sa hepatitis B ay hindi dapat tumanggap ng karagdagang dosis.
- Ang sinuman na katamtaman o malubhang nagkasakit ng itinakda ang dosis ng bakuna ay maaaring dapat maghintay hanggang sila ay gumaling bago tumanggap sa bakuna.

Mabibigyan kayo ng inyong doktor ng higit pang mga impormasyon tungkol sa mga pag-iingat na ito.

Tandaan: Maaaring hilingin kayo na maghintay ng 28 araw bago magbigay ng dugo pagkatapos tumanggap ng bakuna sa hepatitis B. Ito ay dahil maaaring mapagkamalan sa pagsasalang pagsusuri ang bakuna sa daluyan ng dugo (na hindi nakakahawa) bilang impeksyon ng hepatitis B.

#### 5 Ano-ano ang mga panganib sa bakuna sa hepatitis B?

Ang hepatitis B ay napakaligtas na bakuna. Karamihan sa mga tao ay walang naging anumang mga problema rito.

Ang bakuna ay naglalaman ng di-nakaka-impeksyong sangkap, at hindi makapagdudulot ng impeksyon sa hepatitis B.

Ang ilang mga maliliit na problema ay nauulat:

- Pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna o turok (hanggang 1 tao sa 4).
- Temperatura na 99.9°F o mas mataas pa (hanggang 1 tao sa 15).

Bihirang-bihira ang malubhang mga problema. Ang malubhang reaksiyon sa alerhiya ay pinaniniwalaang nangyayari isang beses sa 1.1 milyong dosis.

DCH-0450T

AUTH: P.H.S., Act 42, Sect. 2126.

Ang isang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring magdulot ng malubhang reaksiyon. Ngunit ang panganib na ang bakuna ay maging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan, ay napakaliit. Higit sa 1 milyong tao sa Estados Unidos ang nabakunahan ng bakuna sa hepatitis B.

#### 6 Paano kung may katamtaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang aking dapat hanapin?

- Ang anumang di-karaniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o di-karaniwang pagkilos. Maaaring kabilang sa malubhang reaksiyon sa alerhiya ang kahirapan sa paghinga, pagkamalat o paghihingasing, pagpapantal, pamumutla, panghihina, mabilis na pagpintig ng puso o pagkahilo.

Ano ang aking dapat gagawin?

- **Tumawag** sa isang doktor, o dalhin kaagad ang tao o pasyente sa isang doktor .
- **Sabihin** sa inyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras nang mangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Hilingin** sa inyong doktor, nars o kagawaran ng kalusugan na ulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng pagpapasa ng pormularyo ng Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). O maaari mong ipasa ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng pangmedikal na payo.

#### 7 Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala sa Bakuna

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay nilikha noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na sila ay maaaring napinsala ng bakuna ay maaaring matuto ng higit pa tungkol sa programa at tungkol sa pagpapasa ng paghahabol sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation).

#### 8 Paano ako mas matututo pa?

- Tanungin ang inyong doktor. Makapagbibigay sila ng paketeng kalakip ng bakuna o makapagmumungkahi ng ibang mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong panlokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan. **1-888-767-4687**
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Bumisita sa website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines)

### Vaccine Information Statement (Interim) Hepatitis B Vaccine

Tagalog

2/2/2012

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health

Office Use Only



Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medikal.